NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Hulyo 1-15, 2019



MAIKLING KUWENTO

## PARA KAY HUNTER

Ni JUAN AL. ASUNCION

BAGONG NOBELA

## KASAYSAYAN NG KALIBUTAN

Ni EDGAR CALABIA SAMAR

## ANG BABAENG PINANGAKUAN

Ni ALQUIN M. PULIDO

TULA

## KALARO

Ni MANUEL ORTEGA ABIS

# Francine Diaz

MANILA BULLETIN PUBLISHING
771165 698142
SN 1656-98-14

ESM BOOKSTORE
Telefax: (02) 905-2351 / 930-9728
CP# 09052849354

ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


## NOBELA

4 **Kasaysayan Ng Kalibutan (1)**
Edgar Calabia Samar

7 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (6)**
Efren Abueg

10 **Higit Na Matibay (29)**
Armando T. Javier

12 **Saka Na Lang Kita Mamahalin (14)**
Neri Jedeliz

## KUWENTO

14 **Para Kay Hunter**
Juan Al. Asuncion

16 **Diskarte**
Armando T. Javier

18 **Usok At Salamin**
George Deoso

## KUWENTONG PAMBATA

20 **Ang Tagatuklas Ng Liwanag**
Eugene Y. Evasco

## LATHALAIN

22 **May Dalawang Mukha...**
Fernando B. Sanchez

26 **Guilty Pleasures:...**
Chad Faller

28 **Si Henry R. Samaniego..**
Joel Costa Malabanan

## KOMIKS

40 **Ang Babaeng Pinangakuan (1)**
Alquin M. Pulido / Arnel R. Coronel

43 **Lover Boy (2)**
Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival

46 **Sa Mundong Iyon... (41)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos

49 **Ama**
Alquin M. Pulido / Vovoi Lim

54 **Doro Dora**
William Contreras

## TULA

56 **Kalaro**
Manuel Ortega Abis

## KOLUM

30 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte

32 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza

34 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco

39 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

52 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio

## SHOWBIZ

36 **Francine Diaz, Nagmamarka Sa Mga Suking Manonood Ng Kadenang Ginto**
Maricris V. Nicasio

37 **Kid Yambao, Nabiyayaan Ng Magandang Kapalaran Sa Showbiz**
Nonie V. Nicasio

37 **Showbiz Trivia**
Julio Silverio, Jr.

## LIBANGAN

52 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

53 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

53 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

54 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

54 **Magtawanan Tayo!**
*Anthony Locsin*
*Eric S.B. Libre*










# KASAYSAYAN NG KALIBUTAN

Ni EDGAR CALABIA SAMAR



**(UNANG LABAS)**

## PROLOGO: ABÍL

HINDI mo kayang malaman ang lahat sa ngayon. Kahit ako, hindi ko alam kung alam ko na ang lahat ng kailangan kong malaman para maging handa ako sa mga nangyayari at sa mga siguradong darating. Dumaranas ng abíl ngayon ang lahat ng nilalang sa Kalibutan – matindi ang pagkabalísa, alumpihit ang damdamin, at hindi natin alam kung ano ang iisipin. Pero walang nagsasalita. Wala pang nagsasalita kahit umuugoy ang mga búhay ng lahat na nakabitin sa kawalang-katiyakan. Sa ibaba, mga luhang nag-aabang sa babagsakan natin ang mga buto ng damong abúka na karaniwang ginagawang kuwintas o pulseras ng mga bata wala pang málay sa mga totoong nangyayari.

Hindi natin kayang maláman ang lahat pero may mga bag na kailangan mong maláman tungkol sa Kalibutan. Kung alam

lang ang mga ito bago ako nakarating dito noon, baka naiba g marami sa mga naging pasya ko. Mahaba pa ang gabi. alakas ang bulong ng aguy-óy pero handa ka sanang makinig.

Gusto kong magsimula sa pinakasimula, pero sino ba g nakaaalam ng pinakasimula? Ang alam natin, sa loob g mahabang panahon, naniwala ang lahat ng lahi ng mga wata na binubuo lang ang Kalibutan ng isang malawak lupain, ang Nigò, at na napapalibutan ito ng malawak na aragatang tinatawag nilang Panaw. Nahahati ang Nigò ngayon walong hibaybay na bayan ng walong lahi ng mga diwata. alo ang paboritong bílang ng mga diwata dahil ito ang lo ng bawat siklo ng pagbibilang nila gamit ang tig-apat na liri ng kanilang kanan at kaliwang kamay. Pero ang totoo, alang kinalaman ang mga diwata kaya naging walo ang mga baybay. Kasaysayan ng kanilang pagdating at pagkasakop g kumatha sa walong hibaybay.

Naniniwala ang mga diwata sa mga bathala, na mga thala ang unang nanirahan sa Nigò, kaya tinawag nila g Unang Panahong iyon bilang Panahon ng mga Bathala. balit sa pangyayaring hindi maipaliwanag kahit ng kanilang ga áwit, na salaysay ng mga kabayanihan upang maitatag g mga hibaybay, at ng mga ágam, na alaala ng mga bagay lumipas at mga nilalang na pumanaw, naglahò ang mga thala. At sinundan iyon ng Panahon ng Dilim. Mahabang-ahabang Panahon ng Dilim. Wala umanong makikita sa ahabang yugtong ito sa Kasaysayan ng Kalibutan bagaman minsan-minsang makaririnig ng aging-íng na para bang may nihiwang gulók sa kung saan-saan. Pero sino ang makaririnig mga aging-íng na iyon? Walang nilalang na humihinga sa hit saan, wala kahit agaás ng hangin, kahit mahina't banayad bulong ng álon sa paghalik ng Pánaw saanmang pampang ng igò.

Hanggang isang araw, walang babala na tulad ng biglang gkawala ng mga bathala, muling sumíkat ang araw. Tinawag ong Panahon ng Liwayway. At mula sa kung saan, lumitaw g Unang Walong Diwata na pagmumulan ng walong lahi mga diwata. Tinawag na Silangan ang bahaging iyon Nigò dahil iyon ang nagsilang muli sa araw at nagluwal mga diwata. Silangan ang pinakamatanda sa walong baybay, kung gayon, at hanggang ngayon ay pinaniniwalang nakamahiwaga. Paglipas ng laksa-laksang paglubog at gsikat ng araw sa Silangan, matapos magkaroon ng mga ak, mga apóng totoo, mga apó sa tagilíran, hanggang mga ó sa sinapupúnan ang Unang Walong Diwata, nagpasya ang galugarin ang iba pang mga panig ng Nigo. Naiwan Silangan ang lahi ng mga diwata na tinatawag ngayong ain, na nangangahulugang isa o una, subalit maaari ring angahulugang nagpaúna o nagpaháyo o nagpaubayà.

Paikot sa Nigò at humahalik sa tubig ng Pánaw, naitatag g kasunod na ápat na hibaybay: ang Alagar na nasa bandang laga ng Silángan; ang nasa kanluran ng Alagár na Pahát ang kasunod nitong Alás; at ang Alapót, isang maliit na baybay sa bandang timog ng Alás. Noong una, walang anirahan sa pinakatimog ng Nigò dahil masyadong malamig madilim sa bahaging iyon, at halos buong taóng dumaranas abúabo, o maulap na nagyeyelong ambon. Kahit umano ang on ng Pánaw sa mga bahaging iyon ay nagyeyelo. Sa halip maglagalag pa patimog at magtayo ng pamayanan doon, naunlad ng mga diwata ang mga kinaroroonan nilang limang baybay. Tinawag ang pagtatatag at pagpapayaman na ito ng ang limang hibaybay bilang Panahon ng mga Diwata. Sa loob mahigit limandaang taon, nakahubog ang bawat hibaybay ng sarili nilang kultura, kasaysayan, wika, sistema ng pamamahala, at mga pananalig.

Subalit natapos ang Panahon ng mga Diwata nang dumating mula sa kung saan ang mga aswang. Hindi naghinala ang sinuman sa mga diwata noon na may kakaiba sa mga babagong dating na nanirahan sa iba't ibang panig ng Nigò at nakihalubilo sa kanila. Karamihan ay paisa-isa ang pagdating, subalit minsan ay magkakapares na parang magkabiyak, hanggang sa mag-a-mag-anak na ang dumarating sa mga hibaybay. Mas maputla sa karaniwan ang mga ito, subalit iyon ay ipinagpalagay nilang dahil nagmula sa katimugan ng Nigo ang mga ito. Maliban sa kakaibang bilang ng mga daliri sa kamay ng mga ito at paglalakad sa lupa, wala na silang makitang kakaiba pa sa mga bagong dating. Totoo na hindi gaanong tumitingin nang tuwid sa kausap ang mga ito, subalit inisip ng marami na dahil iyon sa hindi sanay ang mga ito sa sikat ng araw sa umaga at parang laging nasisilaw sa liwanag. Nasanay sila sa makulimlim na panahon ng katimugan, iyon ang palagay ng marami.

Sa pangkalahatan ay nakikihalubilo naman nang maayos ang mga bagong dating sa mga dinatnang diwata. Dumadalo sa mga pagdiriwang. Nakikiawit at nakikiagam sa mga umpukan. Kagila-gilalas para sa mga diwata ang nilalaman ng awit at ágam ng mga bagong dating pero walang dahilan para pagdudahan nila ang kasaysayan ng mga ito. Wala pang konsepto noon ng kasinungalingan o panlilinlang ang mga diwata. Ang mga aswang ang nagpakilala sa kanila ng mga iyon.

Hanggang nagsimula nga ang pagkamatay ng mga diwatang mukhang pinaslang ng isang uri ng halimaw na hindi matukoy ng kahit pinakamatatandang diwata. Walang pinipiling edad o kasarian. Basta natatagpuan nilang wakwak ang tiyan, said ang dugo, wala nang lamanloob. Tadtad din ng áhod ang katawan, mga kalmot at marka ng kagat ng kung anong hayop. Matagal nang yumao noon ang Unang Walong Diwata, at mga apo sa tuhod, mga apo sa talampakan, at mga apo sa sakong na lámang nila ang nabubuhay pa. Mga kaapu-apuhan nila na hindi na rin sila inabot at nakilala bagaman sinisikap pa ring ipagdiwang taon-taon ang Pagsisilang sa Walong Diwata sa pamamagitan ng mga handaan, palabas, at patimpalak. Natakot ang mga diwata sa halimaw na hindi nila nakikita, lalo na nang dumami't lumaganap ang mga pagpaslang. Hindi nila pinaghinalaan ang mga bagong dating noong una. Hanggang napansin ng mga punong diwata na walang nabibiktima ang mga halimaw mula sa mga bagong dating. Noon din nila napagtagni-tagni na kahit matagal na nilang kasama ang mga ito, hindi nakikipag-asawahan ang mga ito sa mga diwata. Lumaganap ang bulong-bulungan. Tumawid ng mga hibaybay, sa iba't ibang wika. Subalit bago pa nga nabuo't nagkaanyo ang mga hinala, bago pa nakapagsanib ng puwersa ang mga diwata, lumantad na ang mga aswang sa totoong anyô ng mga ito bilang iba't ibang uri ng mababangis na hayop na hindi na ngayon makikita sa Kalibutan: ikúgan, tandáyag, garúda, at sigbín.

Iyon ang simula ng mahabang panahon ng pagiging sakop at alipin at pagkain ng mga diwata sa mga aswang. Naging para silang mga hayop na pinatataba ng mga ito para kainin. Totoong malaya silang gawin ang kahit ano sa mga dati na nilang ginagawa: pag-aaral, paglalaro, pagtatanim, pagtatahi ng mga kasuotan, paglililok, paglikha ng mga awit, pagsusulat ng mga agam, pagtatanghal, pagtatayô ng mga gusali, ng mga daan, at iba pa, subalit alam din nilang sinuman sa kanila ay maaaring damputin ng kahit sinong aswang at kainin sa kahit anong oras

(Sundan sa kabila)

**Hindi natin kayang maláman ang lahat pero may mga bagay na ailangan mong maláman tungkol sa Kalibutan. Kung alam ko lang ang mga ito bago ko nakarating dito noon, baka naiba ang marami sa mga naging pasya ko...**

# KASAYSAYAN

(Mula sa pahina 7)

nitong magustuhan.

Dahil mas hindi sanay sa klima ng mga hibaybay sa silangan, hilaga, at kanluran, itinatag ng mga aswang ang ikaanim at ikapitong hibaybay sa katimugan ng Nigò, ang Alimuom at ang Molang Dilim. Naging sentro ng kapangyarihan ng mga aswang ang Molang Dilim. Doon nanirahan ang pinakamatatanda, pinakamalalakas, at pinakamakakapangyarihang aswang. Lahat naman ng mga diwatang may-sakit, na sa kung anong dahilan ay mas masarap sa panlasa ng mga aswang, ay inililipat nila sa Alimuom para mas malapit sa Molang Dilim. Kapag dinala ka noon sa Alimuom, alam mo nang walang ibang naghihintay sa iyo kung hindi kamatayan. Araw-araw na nabuhay sa tákot ang mga taga-Alapót na kanugnog lang ng Molang Dilim. Ang mga diwata namang naiwan sa Silangan, Alagar, Pahat, at Alás ay nagpapanggap araw-araw na maayos lang ang buhay nila. Nagmamaang-maangan sila sa karahasang ginagawa ng mga aswang. Hindi sila nagsasalita dahil hindi naman kamag-anak nila ang dinadampot at dinadala sa Alimuom. Pero nang kamag-anak na nila o kaibigan ang pinagdadampot, nanatili pa rin silang tahimik. Alam naman nilang wala silang magagawa. Wala sila lahat magawa. Tinawag ang panahong iyon noon bilang Panahon ng mga Aswang, bagaman tinatawag na lamang



iyon ngayon sa mga aklat ng Kasaysayan ng Kalibutan bilang Panahón ng Pusíkit, ang panahon ng pinakamadilim na yugto sa nagdaan ng mga diwata.

Sa ilang henerasyon ng ganoong pamumuhay, halos natanggap na ng maraming diwata na hindi sa kanila ang Kalibútan at wala silang ipinagkaiba sa mga hayop na gumagala-gala pa noon sa mga lupain. Sa mga sumunod na salinlahi, halos nawalan ng silbi ang pangangarap at pag-iisip para sa hinaharap dahil anumang sandali ay maaari silang ipakuha ng mga aswang at dalhin sa Alimuom o idiretso sa Molang Dilim. Maraming diwata na naging kasangkapan ng mga aswang para alipinin at pagsamantalahan ang mga kapwa nila diwata. At para bang lalo pa silang sinusubukan ng tadhana, dinatnan ng kung anong salot ang buong Nigo at nagkaroon ng matinding karamdaman ang marami. Hindi nila alam kung sa hangin o sa tubig sa mga baybayin ng Pánaw nila nakukuha ang sakit. May mga diwatang nagkakanulo at isinusuplong ang mga diwatang dinapuan ng sakit. Pami-pamilyang hinahakot ang mga diwata papunta sa Alimuom, na naging katumbas na halos noon ng kawalang-pag-asa para sa lahat. Hindi nakaligtas sa epidemya kahit ang mga taksil na diwata at pakiramdam nila ay parusa sa kanila iyon ng Unang Walong Diwata na nalimot na nila dahil sa mga aswang. Nasa bingit na noon ng pagkalipol ang lahat ng mga diwata––alinman sa dahil sa sakit o dahil sa gútom ng mga aswang––nang dumating sa Nigò mula na naman sa kung saan ang mga tamáwo na nagligtas sa kanila.

Hindi alam ng mga diwata ang mararamdaman sa pagdating ng mga bagong nilalang na itong bata man o matanda ay nananatiling nakayapak sa lupa, tulad ng mga aswang. Dapat ba silang matakot din sa pagyapak ng mga ito sa lupa? Dapat ba silang mangilag sa pangangahas ng mga itong lumakad sa mga lupain? Sa mga diwata, mga bata lang na hindi pa nakapagsasanay lumukad ang naglalakad sa lupa. Paglulukad ang paglalakad nang nakalutang sa hangin, hindi tumatama ang talampakan sa lupa o sa anumang sahig. Sa edad na lima o anim, karaniwan nang naglulukad ang isang batang diwata. Alam mo na ito, hindi ba? Hanggang sa kasalukuyan, mahalagang pagdiriwang ng mga diwata ang Pag-angat sa Walong Taon. Lahat ng mga batang diwata na nagdiwang nang ikawalong kaarawan nang sinundang taon ay bahagi ng pagdiriwang. Magtitipon-tipon sila sa iba't ibang sentro ng bawat hibaybay at habang pinapanood ng kani-kanilang mga magulang, mga kamag-anak, mga kaibigan at kakilala, sabay-sabay na lulukad ang mga bata. Mula sa araw na iyon, hindi na sila muling tumutuntong sa lupa. Pinagkakalooban din ng sari-sarili nilang daligmata ang bawat bata matapos ang Pag-angat sa Walong Taon, tanda na may kalayaan na silang mag-isang galugarin ang Kalibútan. Na hindi na nila kailangan ng gabay at daligmata ng magulang o kung sinumang nakatatanc Isang hayop ang daligmata na may buntot at mga pakpak kay nakalilipad-lipad ito't nakasasabit sa mga sanga. Nagsisilbing ilaw ang malalaking mata nito at nakapagpapadala naman ng mensahe sa ibang daligmata ang huni nito. Hindi namamatay ang mga daligmata na pinakakain lamang ng mga ábsik, ang mga puting langgam na isa sa mga pinagkukunan ng elektrisidad sa Kalibutan. *Cyborg* ang mga daligmata na pinaghalong hayop at makina, tulad ng lahat ng iba pang hay sa Kalibutan na nakaligtas sa Panahon ng Pusíkit dahil sa manipulasyon ng mga tamawo.

Kung ngayon ka lang dumating sa Kalibutan, parang ang hirap isipin na mga tamawo ang nagligtas sa mga diwata noo ano? Pero tama ang narinig mo. Ang mga tamawong ito na bata man o matanda ay nananatiling yumayapak sa lupa ang siyang nagligtas sa mga diwata at kahit sa mga hayop laban sa kumakalat na epidemya noon––at laban sa mga aswang. Hindi nakapaglalagos sa mga pader o anumang harang ang mga tamawo, hindi tulad ng isang karaniwang diwata, subali kaya nilang maging imbisible. Mayroon silang kakayahan ng tagabulag para hindi sila makita ng iba. Kaya naging madali sa kanilang nakapasok sa mga hibaybay, at nakapaglakbay patungong Molang Dilim. Nagagawa rin ng nilang bulungan ang mga bunga at bulaklak na kapag inihalo sa pagkain o inumin ng iba ay kaya nilang pasunurin kahit papunta sa kamatayan. Sabi ng marami, kaya ring pasunurin ng isang tamawo ang sinumang mahawakan nito, kaya takot ang mga diwata hanggang ngayon na mahipo man lang ng isang tamawo. Pero ang pinakamahalaga sa lahat noon, hawak ng mga tamawo sa leeg ang mga tikbalang. Nang sinugod ng mg tamawo ang Molang Dilim para paslangin ang mga aswang, nakasakay sila sa yutà-yutàng tikbalang. Halos dalawang diwata ang taas ng isang tikbalang, nasa sampung talampaka may mukha ng hayop na iba sa lahat ng mga hayop na umiira sa Kalibútan. Sa likod ng bawat tikbalang nakasakay ang mga tamawong mandirigma––lalaki, babae, aging-íng, lalakínin. M hawak silang mga sandata na noon lang nakita ng mga diwata at maging ng mga aswang. Subalit halos hindi nagamit ng mg tamawo ang mga sandatang iyon dahil sapat na ang kung anc lason sa hininga ng mga tikbalang sa bawat pagsingasing ng mga ito sa mga aswang na nalapnos ang balat kahit nag-anyo pang mababangis na ikúgan, tandáyag, garúda, at sigbín ang mga ito. Nalipol ang mga aswang sa labanang iyon na tumaga umano nang ilang araw lamang. O iyon ang paniniwala ng lahat. Dahil may mangilan-ngilang nagsasabi na nakita nilang may mga garúdang nakalipad patimog ng Molang Dilim.

(Sundan sa pahina 31)


ANG BABAENG PINANGAKUAN
Nobela ni: ALQUIN M. PULIDO
Guhit ni: ARNEL R. CORONEL
UNANG LABAS
WOOOOOOSSS...
HU HU HU HU...
HU HU HU...


M-MISS...
AAAAAAA!!!
AAAAAAAAA!!!
LUMAYO KA SA AKIN!
LUMAYO KAAAA!!!
2


AAAAAAAAAAAH!!!
BLAGGG!
AKIN KA LANG!
AKIN KA LAAAANG!!!
HINDEEEEE!!!
HALINA'T PASUKIN ANG NAIIBANG HIWAGA SA NOBELANG ITO. HUWAG BIBITIW!
ITUTULOY

# KALARO

Mga munting hiwa ng hangin
Ang isa-isang nagpapadulas sa slide
Ng bakanteng school playground. Pagdating sa ibaba'y
Dagliang papagpagin ang puwitan upang ulitin muli
Ang danas na parang wala nang bukas.
Habang sa may mahabang baras ay nakalambitin
Ang mga patak ng kangi-kangina lamang na pag-ulan
At sa kanilang isa-isang pagbagsak sa putikan
Ay ganap na bumigat ang kaniya-kaniyang mga lawas;
Nakaramdam na sila ng pangangalay ng braso
At ng biglaang pagkauhaw, pagkalusaw sa matinding hapo.
Doon naman sa may see-saw ay ayaw bitiwan
Ng basang lupa ang isang dulo nito at animo
Ay hinahamon ang papauwi nang araw na bumaba
At lumabas muna sa kaniyang sundong school bus.
Ngunit hindi na makukuha sa kantiyaw
Ang malaon nang hinihintay
Sa kanilang bahay.
At ako na tila iniwang nakaupong mag-isa sa swing
Ng playground, ako ang mistulang bata
Na napag-iwanan na ng aking sariling sundong panahon;
Ngunit hindi naman makukuhang magmukmok
Dahil sa maya't maya'y may lalapit na isa
Sa aking mga kalarong hindi na yata marunong
Magpahinga at iihipan ang isa sa aking madalas
Na tinutuksong mga tainga. Yayayain ko siya
Na banayad akong itulak sa swing
Ng aking tumba-tumba
Nang hindi ko na sana ipinagtutulakan pa
Ang aking sarili.

**- MANUEL ORTEGA ABIS**

